Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-13 NG HUNYO 2022 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edwin C. Aceron | Pansamantalang Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim John Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan **(Gumaganap na Punong Bayan)** |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAUTUSAN BILANG 22-06-316

## KAUTUSANG NAG-AATAS NG PAGGAMIT NG STEEL TRUSSES AT PURLINS SA PAGGAWA NG GUSALING PAMPAARALAN AT IBA PANG GUSALI NA PINAGLAANAN O PAGLALAANAN NG PONDO AT IPAGAGAWA NG ANUMANG ISPONSOR O AHENSYA NG PAMAHALAAN SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

**Sangguniang Bayan Member DEXTER R. GONZALES**
Chairperson, Committee on Education, Arts, and Culture
May-akda, Proponent, at Isponsor

**Sangguniang Bayan Member EDEZER F. ACERON**
Chairperson, Committee on Legal Matters and Ordinances
Isponsor

Pangalawang Isponsors
**Sangguniang Bayan Member DENNES M. FANER**
**Sangguniang Bayan Member ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**

KGG. KIEVEN E. CANTOS
PERLITA L. PAZ
KGG. TULAY M. CARING
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS
KGG. EDEZER F. ACERON
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. DENNES M. FANER
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. DEXTER R. GONZALES
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. EDWIN C. ACERON
KGG. ERNILO D. VILLAS

Scanned with CamScanner

**SAPAGKAT**, binibigyang kapangyarihan ng Local Government Code of 1991 ang bawat lokal na pamahalaan na magtakda ng mga batas at alituntunin na nagtataguyod sa kapakanan ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT**, ang malabis na pagputol ng mga punong kahoy na hindi naman kaagad napapalitan ng panibagong pananim ay maaaring magdulot ng kalamidad, pagbaha, at pinsala sa mga ari-arian, kabuhayan, at buhay ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT**, habang patuloy ang pangangailangan natin sa mga gusaling pampaaralan, pampublikong gusali, at iba pang mahahalagang pasilidad ay mahalaga na nagkakaroon ng mga polisiya upang masiguro na napapangalagaan natin ang kalikasan, kaligtasan, at buhay ng bawat nilalang;

**DAHIL DITO**, pinagpasyahan gaya ng ginawang pagpapasya ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, na:

**Seksyon 1. Pagpapahayag ng Polisiya**. Ang Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ay nagtataguyod sa pangangalaga sa ating kalikasan habang tinutugunan ang mga hamon ng kaunlaran at pagbibigay serbisyo sa ating mga mamamayan.

**Seksyon 2. Pamagat.** Ang maikling pamagat ng ordinansang ito ay "2022 Prohibition on the Use of Wood Trusses and Purlins Ordinance of Bulalacao".

**Seksyon 3. Regulasyon.** Ang sumusunod na mga regulasyon o kautusan ay dapat na talimahin:

a. Mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng wood trusses at purlins sa paggawa ng gusaling pampaaralan at iba pang gusali sa nasasakupan ng bayang ito;

b. Ang paggamit ng steel trusses at purlins ay ikokonsidera sa paglalaan ng pondo at pagpapagawa ng program of works para sa mga kaugnay na proyekto;

c. Maaaring payagan ang paggamit ng kahoy para sa trusses at purlins ng mga proyekto kung ang kahoy ay nahingi mula sa o donasyon ng Department of Environment and Natural Resources (DENR), o kung ang proyekto ay malapit sa dagat kung saan hindi praktikal o posible ang paggamit ng steel trusses at purlins, o kung ang proyekto ay pansamantala lamang gaya ng make-shift multi-purpose facility/make-shift classroom. Suportado dapat ito ng sertipikasyon mula sa DENR o Municipal Engineering Office (MEO);

d. Ang anumang paglabag sa Ordinansang ito ay magiging dahilan ng Municipal Building Official upang bigyan ng aksyon na disapproval ang aplikasyon para sa building permit;

PERLITA L. PAZ
KGG. KIEVENE E. CANTOS
KGG. TULAY M. CARING
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS
KGG. EDEZER F. ACERON
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. DENNIS M. FANER
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. DEXTER R. GONZALES
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. EDWIN C. ACERON
KGG. ERNILO C. VILLAS

2021.05.25 15:3

Scanned with CamScanner

e. Inaatasan ang Municipal Engineer, MEO, at Municipal Building Official na ipatupad ang kautusang ito. Makikipag-ugnayan ang tanggapan at mga empleyadong nabanggit sa lahat na kaugnay na ahensya ng pamahalaan ukol dito. Mangangampanya sila upang ang Ordinansa na ito ay paborableng maikonsidera din ng lahat na pribadong indibidwal, grupo, o organisasyon na nagpapagawa ng bahay, gusali, at pasilidad. Tutulong ang mga Sangguniang Barangay sa maayos at sinserong pagpapatupad ng Ordinansang ito; at

f. Bibigyan ng sipi ng Ordinansang ito lahat na Sangguniang Barangay, ang Department of Education, Department of Public Works and Highways, Department of Social Welfare and Development, Provincial Government of Oriental Mindoro, Office of Oriental Mindoro Second District Representative, at iba pang ahensya o tanggapan na may kaugnayan sa kautusang ito

**Seksyon 4. Pondo**. Ang salaping gugugulin sa maayos, tuloy-tuloy, at makatarungang pagpapatupad ng kautusang ito ay dapat na mapaglaanan ng sapat sa taunan o ayudang badyet ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao. Ang lahat na gugulin ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao at ang pondong hihingin sa ibang ahensya ng pamahalaan para sa mga gusaling pampaaralan, iba pang gusali, at pasilidad nito ay dapat naaayon sa mga probisyon ng Ordinansang ito. Ang Municipal Budget Office ay inaatasan na magtalima at magtaguyod sa seksyon na ito.

**Seksyon 6. Kaparusahan**. Ang anumang paglabag sa Ordinansa na ito ay mangangahulungan ng pagkakadis-apruba ng application for building permit o pagbabayad ng halagang PhP2,500.00

**Seksyon 7. Administratibong Gabay**. Ang sinumang opisyal, kawani, o manggagawa ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao o ng anumang ahensya ng pamahalaan na hindi gaganap sa mga tungkuling nasasaad dito o kaya ay hahadlang sa o magiging dahilan sa pagkabalam ng implementasyon ng kautusang ito ay dapat na maparusahan ayon sa isinasaad ng mga kaugnay na polisiya at batas.

**Seksyon 8. Sugnay sa Pagpapawalang Bisa**. Ang anumang pambayang kautusan o ordinansa na hindi umaayon sa alinman sa mga probisyon ng kautusang ito ay pinawawalang bisa o binabago.

**Seksyon 9. Sugnay sa Paghihiwalay.** Kung may bahagi man ng kautusang ito na madideklarang walang bisa, ang nalalabi o iba pang bahagi ay mananatiling may bisa. Mananaig ang mas mataas na batas o polisiya.

KGG. KIEZEN E. CANTOS
PERLITA V. PAZ
KGG. TULAY M. CARING
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS
KGG. EDEZER F. ACERON
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. DENNIS M. FANER
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. DEXTER R. GONZALES
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. EDWIN C. ACERON
KGG. ERNILO C. VILLAS

2021.05.25 1

Scanned with CamScanner

**Seksyon 10. Bisa**. Ang kautusang ito ay magkakabisa kaagad pagkatapos ng labinlimang (15) araw na pagpaskil sa bulletin board sa pasukan ng pambayang gusali at sa dalawa (2) o higit pang hayag na lugar sa Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao.

**ISINABATAS** ngayong ika-13 ng Hunyo 2022 sa Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
Sangguniang Kabataan Fed. Pres.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: July 7, 2022

22/06//13/DRG/jpc

Scanned with CamScanner